# Sikolohiyang Pilipino sa Agham Panlipunan

Bahagi marahil ng anumang paglalakbay ang pansamantalang pamamahinga sa karaniwang gawain, pagbabalik-tanaw sa nakaraan at gayundin ang pagninilay-nilay hinggil sa hinaharap.

Halos magkasabay kaming nagsimula sa pagtuturo noong huling bahagi ng dekada sitenta sa College of Arts and Sciences pa at kapwa nasubaybayan ang pagkakatatag ng hiwalay na College of Social Sciences and Philosophy noong 1983, tatlumpung taon na ang nakalilipas. Magkasama rin kaming naglingkod sa pamunuan ng kolehiyo sa ilalim ng panunungkulan ni Dekano Zeus A. Salazar noong unang bahagi ng dekada nobenta. Simula ito ng panahon ng masigasig na pagtataguyod ng paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng gawaing akademiko sa loob at labas ng Pamantasan. Bilang kapanalig at katuwang, pinangasiwaan naman ni Prop. Prospero R. Covar ang gradwadong programa ng Pilipinolohiya na naglinang ng mga aralin mula sa pananaw ng kultura at lipunang Pilipino. Sa panahong ito, ginamit ang Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (DAPP) bilang pangalan ng aming akademikong yunit.

Bunsod marahil ng partikular na yugto ng aming paglalakbay sa akademiko at personal na larangan, mula noong 2010 ay malimit-limit kaming nagkikita at nag-uusap. Hindi kataka-taka, isa sa pinagkakasunduan namin ang hangarin na higit pang maitaguyod ang paggamit ng wikang Filipino sa agham panlipunan at pilosopiya. Kung kaya't noong ika-13 ng Oktubre 2010, nakipagpulong kami kay Prop. Jovy M. Peregrino, Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa panahong iyon. Ilang proyekto ang aming binalangkas at ang isa rito ay ang pagbubuo ng isang natatanging isyu ng *Daluyan* na nagbabahagi ng pananaliksik mula sa agham panlipunan. Inanyayahan namin ang ilang kasapi ng kaguruan na nagtataguyod din ng paggamit ng wikang Filipino na magsumite ng artikulo para sa journal.

Samantala, para sa isang pagbabalik-tanaw at pagbabalangkas ng mga mahahalagang akademikong gawain, magkasunod naming kinapanayam sina Prop. Prospero R. Covar at Prop. Zeus A. Salazar noong ika-26 ng Oktubre 2011. Ang panayam kay Prop. Covar ay kasama sa isyung ito ng *Daluyan* samantalang ang panayam kay Prop. Salazar ay magiging bahagi ng ibang kaugnay na proyekto. Tiningnan din namin ang ilang naging balakin ng yumaong Prop. Virgilio G. Enriquez, ama ng Sikolohiyang Pilipino (SP), na maaari pang malinang at/o mailathala.

Bilang pagbabahagi ng mga naging gawain, noong ika-11 ng Hulyo 2012 ay nakipagpulong kami kay Prop. Rosario Torres-Yu, kasalukuyang Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino. Sa nasabing pulong, ipinagbigay-alam sa amin ang artikulo na pinamagatang “Sanglaan: Tunay bang tulay sa masang Pilipino?” na isinumite ni Prop. Ma. Lina Nepomuceno-Van Heugten ng Departamento ng Sikolohiya bago siya sumakabilang-buhay noong ika-10 ng Disyembre 2010. Mahalagang sabihin na naging isang inspirasyon para sa natatanging isyung ito ng *Daluyan* ang paglalathala ng nasabing papel.

Nagpasasalamat kami kay Prop. Susana Corazon Ortega ng Departamento ng Sikolohiya na siyang nagsagawa ng karagdagang pagkalap ng datos at ng mga rebisyong hiningi ng mga referee.

Binigyang-halaga nina Prop. Nepomuceno-Van Heugten at Prop. Ortega ang mga dahilan ng mga parokyano ng sanglaan sa pagtangkilik nito. Iminungkahi nila na pagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng ibang istratehiya upang matugunan ang pinansyal na pangangailangan ng mga nagigipit. Isinasalarawan din ng artikulo ang paggamit ng pakikipagkuwentuhan, pagtatanung-tanong at pagsusuri ng pelikula- mga pamamaraan ng pananaliksik na pawang iminumungkahi sa Sikolohiyang Pilipino.

Napakahalaga na hindi nakatutok sa mundo lamang ng mga Tagalog ang pag-aaral ng lipunang Pilipino kung kaya't isang magandang kapalaran na ibinahagi ni Prop. Vicente C. Villan mula sa Departamento ng Kasaysayan ang kanyang akda na pinamagatang "Lawas, Buut, Patugsiling, 'Ag Dungan: Isang Pag-unawa sa Papel ng Kinagisnang Sikolohiya sa Kasaysayang Kolonyal at Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898." Ipinapakita rito ang kahalagahan ng pagdadalumat ng mga kategoryang analitikal ayon sa mga salita at pagkaunawa rito ng mga Panayanhon, lalung-lalo na patungkol sa usaping pangkalinangan at pangkamalayan. Nangailangan din ang pananaliksik na ito ng paglilinang ng uri ng historiograpiya na nakasalig at may katuturan sa rehiyon at lipunang pinag-aaralan.

Sa pamamagitan ng artikulong "Ang Pagiging Deboto Bilang Pakikipagkapwa: Isang Panimulang Pagsusuri sa mga Liham Pasasalamat ng mga Deboto ng Ina ng Laging Saklolo sa Baclaran", itinampok ni Prop. Manuel Victor J. Sapitula ng Departamento ng Sosyolohiya ang ilang datos mula sa kanyang katatapos pa lamang na disertasyon sa National University of Singapore. Tila taliwas sa matingkad na usapin ng sekularisasyon sa Kanluraning sosyolohiya at agham panlipunan, sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga liham pangkahilingan at pasasalamat, ipinapakita ni Prop. Sapitula ang nananatiling matingkad na pananampalataya ng mga Pilipino. Gayunman, kapansin-pansin din sa paniniwalang ito ang diwa ng pakikipagkapwa at pagturing sa isang Ina at sa "hindi ibang tao".

Hindi namin inaasahan na ang mga unang artikulong isinumite ay pawang nakatuon sa ilang usapin sa Sikolohiyang Pilipino. Minabuti naming tiningnan ang posibilidad na ito ang maging pangunahing tema ng natatanging isyu ng *Daluyan* para sa agham panlipunan. Kasalukuyang Pangulo ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) si Prop. Jay A. Yacat ng Departamento ng Sikolohiya at nababatid namin na may ilang papel siya hinggil sa Sikolohiyang Pilipino na nagbibigay ng kumprehensibo subalit naiibang pagtingin dito. Isang halimbawa nito ang artikulong pinamagatang "Tungo sa Isang Mas Mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa Makabagong Sikolohiyang Pilipino."

Tinalakay ng papel na ito ang pag-unlad ng Sikolohiyang Pilipino (SP) mula noong dekada 70 hanggang sa kasalukuyan. Sinuri ang mga pagbabago sa kalakaran at pagtingin sa kaugnayan ng SP at ng Kanluraning Sikolohiya (KS) gayundin ang mga tensiyon sa loob at labas ng SP kaugnay ng wika, metodolohiya ng pananaliksik at kabuuang konsepto ng SP at Sikolohiya mismo. Nagtatapos ang kanyang artikulo sa pagdidiin na ang SP ay tungkol sa at pag-aari ng mga Pilipino. Marapat itong kilalaning Sikolohiya ng lahat ng Sikolohista sa Pilipinas.

Sa artikulo namang "Ang Sikolohiyang Pilipino sa Ugnayan ng Pahinungod: Paninindigan para sa Kapwa at Pagbabangong-Dangal ng mga Pilipino" tiningnan ni Prop. Grace Aguiling-Dalisay ng Departamento ng Sikolohiya ang maituturing na isa sa pangunahing hamon ng Sikolohiyang Pilipino: ang pagsasabuhay ng pakikipagkapwa sa antas ng indibidwal at institusyong panlipunan. Mula sa sariling karanasan sa pag-aaral at pangangasiwa ng dalawang tinukoy na programa, inilahad ng may-akda ang mga batayang kaisipan ng SP ayon kay Enriquez at ang pagsasapraktika ng konsepto nito sa programa ng Ugnayan ng Pahinungod. Tinukoy ang natatanging panlipunang-ambag ng akademya sa pamamagitan ng boluntaryong paglilingkod-pampubliko, na sinasagisag ng Pahinungod, at ng mapagpalayang gawaing-sikolohikal para sa nakararaming Pilipino na kinakatawan ng SP.

Binasang papel sa ika-36 na Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino noong 2011, ang artikulong "Panlipunang Pagbabanghay: Piling Usapin sa Pag-unawa sa Sariling Lipunan" ni Prop. Clemen C. Aquino ng Departamento ng Sosyolohiya ay pagpapalawig ng unang papel na pinamagatang Mula sa Kinaroroonan: Kapwa, Kapatiran at Bayan sa Agham Panlipunan" (1999). Sa kasalukuyang papel, inihahain niya ang paggamit ng katagang dalumat sa pag-unawa at paglilinang ng mga sariling pagpapakahulugan at naaangkop na paraan ng pagkalap ng datos sa larangan. Samantala, magagamit ang katagang konsepto para sa mga kategoryang analitikal mula sa ibang konteksto na inaangkop sa pag-aaral ng sariling lipunan. Maituturing din ang papel na isang pagtatangkang maigpawan ang mga hangganan ng disiplinang pinagmulan tungo sa pag-unawa ng mananaliksik sa kanyang sariling bayan.

Alinsunod sa mga paksang pinagtutuunan ng pansin ng mga isinumiteng papel, aming ipinalagay na ang aklat nina Atoy M. Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante (mga patnugot) na pinamagatang *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya at Pantayong Pananaw* (C&E Publications, Inc., 2007) ang naaangkop na akdang ipasuri para sa journal. (Si Prop. Lagbao-Bolante ay sumakabilang-buhay noong ika-11 ng Pebrero 2011.) Kilala sa kanyang mga ambag sa larangan ng Pilosopiyang Pilipino at Etika si Prop. Leonardo D. de Castro ng National University of Singapore at Editor-in-Chief ng *Asian Bioethics Review* kaya't hiniling sa kaniya na suriin ang nasabing aklat.

Sa kabuuan, sa natatanging isyung ito ng *Daluyan*, limang disiplina sa agham panlipunan ang kinakatawan: Sikolohiya, Kasaysayan, Sosyolohiya, Antropolohiya at Pilosopiya. Tulad ng naunang ipinalagay, ang paksaing nag-uugnay sa bawat kontribusyon ay umiikot sa temang *Sikolohiyang Pilipino sa Agham Panlipunan*. Gayunman, kapuna-puna rin na may mga pagkakaiba-iba sa pananaw hinggil sa wika, lapit ng pag-aaral, paksaing prioridad at marami pang iba kung kaya't masasabing mayaman ang nabubuong diskursong nakapaloob at namamagitan sa mga nilalaman ng isyung ito. Matingkad din dito ang pag-uusisa at pagluluwag ng hangganan ng mga disiplina at mababanaagan ang potensiyal tungo sa magkakasama at multidisiplinaryong gawain sa hinaharap.

Mula sa mga nagpunla ng mga unang binhi ng agham panlipunang Pilipino tulad ni Prop. Covar, Retiradong Propesor ng Antropolohiya, hanggang kay Prop. Sapitula, isa sa pinakabatang doktorado

ng kolehiyo, limang henerasyon ang masasabing patuloy na nag-aambag tungo sa paglilinang ng agham panlipunang Pilipino. Tulad ng ipinahahayag ng tema ng Sentro ng Wikang Filipino para sa Buwan ng Wika 2013, “Ang Kapangyarihan ng Karunungan sa Wikang Filipino at Kaunlaran ng Taumbayan” matatagpuan sa wikang Filipino ang kadalubhasaan sa lipunang Pilipino. Kaakibat nito, mahalagang kilalanin ang kapangyarihan ng wika bilang isa sa mga pangunahing saligan sa pagtataguyod ng karangalan at kaunlaran ng mamamayang Pilipino. Sa pamamagitan ng natatanging isyung ito ng *Daluyan*, sana’y may kahit kaunting naiambag ang agham panlipunan tungo sa adhikaing ito.

Nagpapasalamat kami sa Sentro ng Wikang Filipino sa pamumuno nina Prop. Rosario Torres-Yu at Prop. Jovy M. Peregrino, sa Lupon ng mga Editor, sa mga tagasuri, at sa mga kasamahan at naging kaibigan sa *Daluyan*, lalong lalo na kina Bb. Elfrey Vera Cruz at Gng. Angelie Mae T. Cezar na matiyagang nangasiwa ng proseso ng paglalathala ng isyung ito.

Clemen C. Aquino, Departamento ng Sosyolohiya

Grace H. Aguiling-Dalisay, Departamento ng Sikolohiya

Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Unibersidad ng Pilipinas

Diliman, Lunsod Quezon